# Banghay sa Pagkatuto para sa Pambungad na Aralin sa Noli Me Tangere

*Mungkahing bilang ng mga araw*: 2

**Mga Paksa**

Bakit Sinulat ni Dr. Jose Rizal ang Noli Me Tangere?
Maikling Buod ng Noli Me Tangere
Mga Tauhan ng Noli Me Tangere

**Sanggunian**

Noli Me Tangere (batayang aklat), mga pahina ix hanggang pahina xvi

**Kagamitan**

sipi ng krosword na nasa bilang 1 ng Pagtuklas

**Pamaraan**

*Pagtuklas*

1. Pangkatin ang klase sa tatlong pangkat at ipamahagi sa bawat pangkat ang sipi ng krosword. Pasagutan ito sa loob ng tatlong minuto.
   *Panuto*: Bilugan ang mga pangalan ng mga tauhan sa nobelang NOLI ME TANGERE. Maaaring nakasulat ang mga ito ng pahalang, pababa, pataas o pahilis.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | L | P | E | R | E | S | A | B | I | C | O | P | I | L | E | F | N | O | D |
| L | E | E | D | E | F | E | G | V | H | I | J | K | L | M | N | O | P | Q | R |
| B | O | D | S | T | U | V | L | W | Y | A | V | I | C | T | O | R | I | N | A |
| I | N | R | B | C | D | A | E | I | F | G | H | R | L | I | J | K | L | M | N |
| N | N | O | T | O | S | O | P | Q | A | R | I | R | A | S | T | U | V | W | Ñ |
| O | X | Y | I | S | A | B | E | L | A | S | T | A | R | S | I | L | O | B | O |
| C | D | E | Y | F | G | H | I | J | P | K | L | M | A | I | R | A | M | N | L |
| O | K | D | A | M | A | S | O | Y | S | A | T | P | R | Q | R | S | T | U | J |
| V | A | W | Y | A | B | C | N | D | E | F | G | H | R | I | J | Y | K | L | U |
| M | P | A | G | N | A | N | I | S | I | S | A | V | A | W | A | Y | A | B | A |
| A | I | R | N | N | O | P | Q | R | S | T | U | S | B | D | C | D | E | F | N |
| I | T | R | O | G | A | I | T | N | A | S | M | I | I | L | K | J | I | H | G |
| R | A | A | N | N | O | P | Q | R | S | T | U | B | O | P | A | B | L | O | V |
| A | N | V | I | C | T | O | R | I | A | C | B | Y | M | A | Z | Y | X | I | W |
| M | B | E | T | D | I | S | E | R | A | N | I | L | O | S | N | O | F | L | A |
| A | A | U | K | O | B | A | N | M | L | K | J | A | T | I | H | G | F | I | E |
| N | S | G | A | P | U | C | Y | B | X | W | G | V | S | U | T | S | R | S | Q |
| A | I | A | P | B | R | U | Z | R | Q | W | N | E | O | T | Y | U | I | A | O |
| T | L | P | I | A | C | L | S | U | D | F | E | G | S | H | J | K | L | B | Z |
| I | I | X | T | C | I | V | B | N | N | M | N | A | I | B | C | D | E | F | G |
| P | O | H | A | H | O | I | M | O | N | O | E | Q | R | T | W | X | A | A | A |
| A | J | L | N | O | I | C | A | L | O | S | N | O | C | R | I | S | P | I | N |
| K | K | M | H | E | N | E | R | A | L | P | M | R | S | U | V | Y | Z | C | B |
| R | A | F | A | E | L | I | B | A | R | R | A | O | X | B | Y | Z | T | L | S |

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | L | P | E | R | E | S | | | I | | O | P | I | L | E | F | N | O | D |
| L | E | E | | | | E | | V | | | | | | | | | | | |
| B | O | D | | | | | L | | | | V | I | C | T | O | R | I | N | A |
| I | N | R | | | | A | | I | | | | | L | | | | | | |
| N | | O | T | | S | | | | A | | | | A | | | | | | Ñ |
| O | | | I | S | A | B | E | L | | S | T | A | R | S | I | L | O | | O |
| | | | Y | | | | | | | | | | A | I | R | A | M | | L |
| | K | D | A | M | A | S | O | Y | S | A | T | | R | | | | | | J |
| | A | | | | | | | | | | | | R | | | Y | | | U |
| | P | A | G | N | A | N | I | S | I | S | A | | A | | A | | | | A |
| A | I | R | N | | | | | | | | | S | B | D | | | | | N |
| I | T | R | O | G | A | I | T | N | A | S | | I | I | | | | | | |
| R | A | A | N | | | | | | | | | B | O | P | A | B | L | O | |
| A | N | V | I | C | T | O | R | I | A | | | Y | M | | | | | I | |
| M | B | E | T | | I | S | E | R | A | N | I | L | O | | | | | L | |
| A | A | U | K | | B | A | | | | | | A | T | | | | | I | |
| N | S | G | A | | U | C | | B | | | G | | S | | | | | S | |
| A | I | | P | | R | U | | R | | | N | | O | | | | | A | |
| T | L | | I | | C | L | | U | | | E | | S | | | | | B | |
| I | I | | T | | I | | | N | | | N | | I | | | | | | |
| P | O | | A | | O | | | O | | | E | | R | | | | | | |
| A | | | N | O | I | C | A | L | O | S | N | O | C | R | I | S | P | I | N |
| K | | | H | E | N | E | R | A | L | | | | | | | | | | |
| R | A | F | A | E | L | I | B | A | R | R | A | | | | | | | | |

*Paglinang*

1. Ipabasa nang tahimik sa bawat pangkat ang sumusunod:
   *Pangkat 1*–Bakit isinulat ni Dr. Jose Rizal ang Noli Me Tangere, pahina ix ng batayang aklat.
   *Pangkat 2*–Maikling Buod ng Noli Me Tangere, mga pahina x hanggang xii ng batayang aklat.
   *Pangkat 3*–Mga Tauhan ng Noli Me Tangere, mga pahina xiii hanggang xvi ng batayang aklat.
2. Hayaang kumalap ng mahahalagang puntos ang bawat pangkat mula sa kanilang binasa upang magamit nila sa kanilang pag-uulat. Bigyan lamang sila ng sampung minuto upang isagawa ang pagbabasa at pagkalap ng mahahalagang puntos.

*Pagpapalalim/Paglilimi*

1. Ipasulat sa blakbord ang mahahalagang puntos na nakalap ng bawat pangkat sa paksang kanilang binasa.
2. Hayaang ipaliwanag ng bawat pangkat ang kanilang nakalap na mahahalagang puntos.

*Paglilipat/Paglalapat*

1. Pangkatin ang klase sa tatlo. Bigyan ang bawat pangkat ng kopya ng sumusunod na gampanin at ang rubric sa pagtataya ng pagsasagawa nito bilang gabay sa paghahanda para sa isasagawa nilang presentasyon.

*Gampanin*

Ang Noli Me Tangere Bilang Dulang Panradyo

| | |
|---|---|
| **Goal** | Nais ninyo na maipaabot sa maraming tagapakinig ng radyo ang mga aral na iniiwan ng nobelang Noli Me Tangere. |
| **Role** | Magagawa ninyo ito dahil kabilang sa isang grupo ng mga artistang panradyo ang inyong pangkat. |
| **Audience** | Dahil tanyag kayo sa ganitong larangan ay inanyayahan kayong iparinig sa mga tagapakinig ng radyo ang ilang bahagi ng nobelang Noli Me Tangere. |
| **Situation** | Umaasa ang mga tagapakinig na maiparirinig ng inyong pangkat ang mga aral na mapupulot sa nasabing nobela. |
| **Product** | Upang matugunan ang kahilingan sa inyo, nagpasiya kayong gumawa ng isang dulang panradyo mula sa mga piling bahagi ng Noli Me Tangere. |
| **Standard** | Dahil nais ninyong masiyahan ang inyong mga tagapakinig, susundin ninyo ang sumusunod na mga pamantayan. |

*Rubric sa Pagtataya ng Presentasyon/Pagganap*

(Rubric for Assessment of Performance Task)

| Mga Pamantayan | Labis sa mga Inaasahan (94% - 100%) | Nakamit ang mga Inaasahan (85% - 93%) | Tila Nakamit ang mga Inaasahan (75% - 84%) | Hindi Nakamit ang mga Inaasahan (65% - 74%) | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| Maayos na paggamit ng wika | | | | | |
| Nakaaakit na tinig | | | | | |
| Kapupulutan ng aral | | | | | |
| Nakabatay sa nilalaman ng kabanata | | | | | |
| Kabuuan | | | | | |

2. Ipaliwanag sa klase ang inaasahang presentasyon/pagganap para sa itinakdang gampanin. Maaaring magpakita ng halimbawa nito upang magkaroon ang mga estudyante ng malinaw na ideya tungkol sa kanilang gagawin.
3. Hayaan ang mga pangkat na magplano para sa pagsasakatuparan ng ibinigay na gampanin.
4. Sabihin sa klase ang petsa ng pagtatanghal ng mga pangkat.

**Karagdagang Gawain/Panlinang na Gawain**

Gumawa ng timeline hinggil sa mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Noli Me Tangere.